

Tulong sa Bumibili ng Bahay para sa Mga Sambahayan na Naapektuhan ng Baha

Hanggang **\$300,000**



Ang Programang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng ReCoverCA ay tumutulong sa mga indibidwal at pamilyang apektado ng 2023/24 na baha sa California na bumili ng pangunahing tirahan sa mas ligtas na mga lugar sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa bumibili ng bahay hanggang \$300,000. Ang tulong ay ganap na **pinatatawad pagkatapos ng limang taon***, at ang perpektong kredito ay hindi kinakailangan upang maging kwalipikado.

Pagiging karapat-dapat / Kwalipikadong Mga Lugar ng Sakuna

Maaari kang maging kwalipikado kung ang iyong pangunahing tirahan ay nasa isang apektadong lugar noong panahon ng sakuna gaya ng sumusunod:

2023 Kwalipikadong Lugar ng Sakuna:

- Hoopa Valley Tribe (ZIP 95546)
- County ng Monterey
- County ng San Benito
- County ng Santa Cruz
- County ng Tulare
- County ng Tuolumne

2024 Kwalipikadong Lugar ng Sakuna:

- County ng San Diego

Mga Alituntunin sa Kwalipikasyon*

- Ang kita ng sambahayan ay hindi maaaring lumampas sa mababa hanggang sa katamtamang mga limitasyon ng kita, (80% area median na kita).
- Marka ng Kredito na 640 o mas mataas.
- Pinakamataas na ratio ng Utang-sa-Kita na 45%.
- Dapat maging kwalipikado bilang isang unang beses na bumibili ng bahay (walang pagmamay-ari sa nakalipas na tatlong taon, na may limitadong mga pagbubukod)
- Dapat kumpletuhin ang isang 8-oras na kursong Edukasyon sa Bumibili ng Bahay sa Online.
- Dapat bumili sa California sa labas ng isang Espesyal na Lugar na Mapanganib sa Baha o Sona ng Mataas/Napakataas ang Panganib sa Sunog.

Limitado ang Pondo -Maging Kwalipikado Ngayon!



*Ang flyer na ito na naglalaman ng pangkalahatang impormasyon ng programa, ay hindi isang alok para sa pagpapalawig ng kredito o isang pangakong magpapahiram. Ito ay maaaring magbago nang walang abiso. Ang mga kumpletong patakaran ng programa, mga aplikasyon sa pautang, mga rate ng interes at mga taunang rate ng porsyento (mga APR) ay makukuha sa pamamagitan ng ReCoverCA HBA Lenders. Ang Programang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng ReCoverCA ay ibinibigay ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ng California, na ginawang posible sa pamamagitan ng Block Grant sa Pagpapaunlad ng Komunidad – Pagbawi sa Sakuna na gawad mula sa HUD, at pinamamahalaan ng Awtoridad sa Pananalapi ng Golden State (GSFA), isang pampublikong entidad at ahensya.